Republika ng Pilipinas
Sangguniang Panlungsod
Lungsod ng Maynila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 78

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 387

## Serye ng 2023

**KAPASIYAHAN** NA NAGPAPAHAYAG NG SUPORTA SA ATING NATIONAL TEAM GILAS PILIPINAS MEN'S BASKETBALL NA GINAGANAP NA FIBA WORLD CUP NA NAGSIMULA NOONG IKA-25 NG AGOSTO HANGGANG IKA-10 NG SETYEMBRE 2023

MGA MAY AKDA: **KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA,** Kgg. Irma C. Alfonso-Juson, Kgg. Terrence F. Alibarbar, Kgg. Arlene Maile I. Atienza, Kgg. Krystle Marie C. Bacani, Kgg. Don Juan "Dj" Bagatsing, Kgg. Ruben F. Buenaventura, Kgg. Carlos C. Castañeda, Kgg. Louisito N. Chua, Kgg. Niño M. Dela Cruz, Kgg. Roberto S. Espiritu II, Kgg. Jesus E. Fajardo, Jr., Kgg. Pamela "Fa" G. Fugoso-Pascual, Kgg. Jaybee S. Hizon, Kgg. Martin V. Isidro, Jr., Kgg. Ricardo "Boy" A. Isip, Jr., Kgg. Rodolfo N. Lacsamana, Kgg. Macario M. Lacson, Kgg. Numero G. Lim, Kgg. Johanna Maureen C. Nieto-Rodriguez, Kgg. Erick Ian O. Nieva, Kgg. Charry R. Ortega, Kgg. Elmer M. Par, Kgg. Louisa Marie "Lady" J. Quintos-Tan, Kgg. Science A. Reyes, Kgg. Darwin B. Sia, Kgg. Luis C. Uy, Kgg. Luciano M. Veloso, Kgg. Raymundo R. Yupangco, Kgg. Daniel Dave A. Tan **Kgg. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL,** Pansamantalang Punong Mayorya at **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO,** Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo

SAPAGKAT, ang FIBA Basketball World Cup 2023 Trophy Tour na hatid ng J9.com, ay pandaigdigang palaro na may pinakamalaking gantimpala at magkakamit ng Naismith Throphy, at bumibista sa bawat bansang naging kwalipikado para sa 32-team tournament;

SAPAGKAT, ang Philippines Men's National Basketball Team na karaniwang kilala bilang Gilas Pilipinas, ay pangkat na kumakatawan sa bansa na pinamamahalaan ng Samahang Basketbol ng Pilipinas (Basketball Federation of the Philippines);

SAPAGKAT, inanunsyo ng SBP nitong Miyerkules ng hapon, ika-23 ng Agosto 2023 ang labindalawang (12) manlalaro na binubuo nina Rhenz Abando, Japeth Aguilar, Jordan Clarkson, AJ Edu, Jun Mar Fajardo, Jamie Malonzo, CJ Perez, RR Pogoy, Dwight Ramos, Kiefer Ravena, Kai Sotto at Scottie Thompson;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Panlungsod ng Maynila ay patuloy na nagbibigay ng pagkilala at papuri sa mga huwarang Pilipinong atleta, para sa kanilang mga kontribusyon upang magbigay ng karangalan na maipagmamalaki sa loob at labas ng bansa sa pamamagitan ng kanilang walang humpay na paghahangad sa kahusayan sa larangan ng palakasan at sa pagkamit ng panalo at parangal sa pamamagitan ng pandaigdigang palaro: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na nagpapahayag ng suporta sa ating National Team Gilas Pilipinas Men's Basketball sa ginaganap na FIBA World Cup na nagsimula noong ika-25 ng Agosto hanggang ika-10 ng Setyembre 2023; at MANGYARING MULI

IPASIYA, na ang sipi ng Kapasiyahan na ito ay ipadala sa Basketball Federation of the Philippines (SBP).

PINAMUNUAN NI:

**KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 29 ng Agosto 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/avs